# KAPASIYAHAN BLG. 2025-80

**"NAGBIBIGAY PAHINTULOT SA PUNONG BAYAN, IGG. FRANCIS ALBERT G. JUAN, NA KATAWANIN AT LUMAGDA SA ISANG MEMORANDUM OF AGREEMENT (MOA) SA PAGITAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS AT SAN IGMEDIO BUILDERS INCORPORATED."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Wilfredo G. Canoza**

*Tagapangulo*
**Pinagsanib na Lupon sa Pangangalaga sa Kapaligiran**
**at**
**Lupon sa Pananalapi, Paglalaan, Pagbubuwis at Pamamaraan**

---

**SAPAGKA'T,** naghain ng kahilingan ang Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, na mabigyang pahintulot na katawanin at lumagda sa isang Memorandum of Agreement (MOA) sa pagitan ng Pamahalaang Bayan ng Bustos at San Igmedio Builders Incorporated:

**SAPAGKA'T,** isinasaad sa Seksyon 22(a)(5) at (c) ng Batas Republika Blg. 7160 o Kodigo ng Pamahalaang Lokal na isa sa kapangyarihan ng mga pamahalaang local ay pumasok sa mga kontrata na may pahintulot mula sa Sangguniang Bayan;

**SAPAGKA'T,** isinasaad sa Seksyon 444(b)(iv) ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal na binibigyang kapangyarihan ang mga Punong Bayan na katawanin ang Pamahalaang Bayan na pumasok sa mga kasunduan na may pahintulot mula sa Sangguniang Bayan;

**SAPAGKA'T,** sa masusing pag-aaral ng Pinagsanib na Lupon sa Pananalapi, Paglalaan, Pagbubuwis at Pamamaraan at Lupon sa Pangangalaga sa Kapaligiran ay napatunayang ang kasunduang ito ay labis na makakatulong upang maibsan ang problema sa basura sa bayan ng Bustos;

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. WILFREDO G. CANOZA** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA,** gaya ng dito ay **IPINASISIYA**, na bigyang pahintulot ang Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, na katawanin ang pamahalaang bayan at lumagda sa isang memorandum of agreement (MOA) sa pagitan ng Pamahalaang Bayan ng Bustos at San Igmedio Builders Incorporated na nauukol sa paghahakot at pagtatapon ng basura.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-10 ng Marso taong Dalawang Libo at Dalawampu't Lima sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Marie Nina Nikkie Perez, MA**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Phillip Wryner B. Santos**
Kasangguni

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Soliman C. Santos**
Kasangguni

**Wilfredo G. Canoza**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Raymond R. Perez**
ABC Vice President

**Mel Ryan P. Juan**
SK President

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles, MMPA**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

—— ■ ——

**SERTIPIKASYON:**

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-10 ng Marso taong Dalawang Libo at Dalawampu't Lima.

**MARIA M. ROBLES**
Administrative Assistant V